


# HEPATITIS C

INFORMATION FOR IMMIGRANTS AND NEWCOMERS

CATIE

## HEPATITIS C IS A VIRUS THAT INJURES THE LIVER.

Hepatitis C is a virus that harms the liver. The liver is an organ that does many important jobs, such as helping to digest food, breaking down toxins (poisons) and drugs, fighting infections, and more. The liver is an essential organ and you cannot live without it.



## YOU CAN HAVE HEPATITIS C AND NOT KNOW IT.

Many people can live with hepatitis C for 20 to 30 years or more without feeling sick or experiencing any symptoms, even though the virus is still injuring the liver. Over time, liver injury gets worse, making it hard for this vital organ to function.

## TREATMENT CAN CURE HEPATITIS C.

Most people need treatment to cure hepatitis C. Hepatitis C treatments are simple to take and cure more than 95% of people with the virus. They come in pill form, have few side effects and are usually taken for eight or 12 weeks. Most people don't pay out of pocket for their hepatitis C treatment. The cost is usually covered through public or private health insurance and drug company programs.



## CURE DOES NOT PROTECT AGAINST RE-INFECTION.

People do not develop immunity to hepatitis C after being cured of the virus, so it is possible to get re-infected. Taking steps to avoid getting exposed to the hepatitis C virus again will help you continue to live well once you have been cured of the virus.



## TESTING IS THE ONLY WAY TO KNOW IF YOU HAVE HEPATITIS C.

Nearly half of all people with hepatitis C in Canada are unaware of their infection. Talk to your service provider about getting tested for hepatitis C.

It usually takes **two** blood tests to tell whether you have hepatitis C.

The **hepatitis C antibody test** checks whether you have ever come in contact with the virus.

The **confirmatory test** checks whether the virus is currently in your body. If this test is positive, you have hepatitis C.

Testing is getting simpler all the time.

## HEPATITIS C IS PASSED BLOOD TO BLOOD.

**Know how to protect yourself and others.**


**Know how to identify different hepatitis C transmission risk factors.**



Hepatitis C does not spread through casual contact or by hugging, kissing or touching a person living with the virus. Nor does it spread if new or properly sterilized equipment is used during medical and dental procedures or drug use.

Hepatitis C can be passed when the blood of a person with the virus gets into another person's blood. It can happen even when the amount of blood is too small to see. Hepatitis C is a strong virus—it can live outside of the body for many weeks. This means that it can be spread through dried blood.

Hepatitis C can be transmitted by:



- Re-using medical, dental or surgical equipment that was not sterilized properly. This is very rare in Canada.
- Getting a blood transfusion or organ transplant that was not screened for hepatitis C. If you have received blood, blood products or an organ transplant in Canada before 1992, or in another country at any time and are not sure about the screening practices there, speak to your healthcare provider about getting tested for hepatitis C.



- Sharing equipment used for preparing and injecting drugs including needles, syringes, filters, water and cookers.




- Re-using tools for electrolysis, acupuncture, piercing and tattooing that have not been properly sterilized (including needles, ink and ink pots).

**Other ways hepatitis C can get inside the body:**



- Sharing or borrowing personal care items that might have blood on them, such as razors, nail clippers and toothbrushes. This includes shaving at community barber shops when razors are re-used.
- Some practices used by traditional healers that involve cutting or piercing the skin, such as wet cupping or acupuncture.
- Sexual transmission of hepatitis C is rare. The risk increases when certain factors are present, such as HIV and STIs. Certain types of sex can also increase risk, such as condomless anal sex, sex where blood is present and chemsex (using specific drugs to enhance and prolong sex).
- Hepatitis C can be passed to a child during pregnancy or childbirth. The risk is generally low in Canada, but it may be higher in countries where healthcare practices are different. Hepatitis C does not spread through breastfeeding. However, if nipples are cracked or bleeding, breastfeeding should be stopped until they are healed.



## HEPATITIS C IS DIFFERENT FROM HEPATITIS A AND B.


Hepatitis A is transmitted when people unknowingly ingest fecal matter, usually through contaminated water or food. Nearly all people clear hepatitis A without taking medication, and the body becomes immune to the virus.

Hepatitis B can be spread when the blood, semen or vaginal fluid of a person who has the virus enters the body of another person who does not have the virus. The virus can also be passed to a baby during childbirth. Most people who get hepatitis B as adults clear the virus on their own and their body becomes immune to the virus. The chance of developing chronic hepatitis B becomes greater if a person is exposed to the virus at a young age. Those who do develop a chronic infection can go on to have long-term liver problems. Treatment can help slow down and manage the virus, but there is no cure for a chronic infection.

There are vaccines that protect against hepatitis A and B. Speak to your healthcare provider about getting vaccinated.

There is no vaccine for hepatitis C, but there is a cure.

## SPEAK TO SOMEONE ABOUT HEPATITIS C: SEXUAL HEALTH INFOLINE ONTARIO.



In Ontario, this province-wide information line about hepatitis, HIV and sexual health offers services in Hindi, Punjabi, Urdu, Tagalog, Mandarin, Cantonese and many other languages. When you call, you may be given a specific time to talk to a counsellor in your preferred language. They can also refer you to a clinic in Ontario to get tested.

**Call toll-free in Ontario:**

1-800-668-2437



Monday to Friday:
10 am – 10:30 pm
Saturday and Sunday:
11 am – 3 pm

**Outside of Ontario, contact your healthcare provider.**



**Managing Editor:** Fozia Tanveer
**Design:** Ty Best (tybest.ca)
**Layout:** David Vereschagin, Quadrat Communications

© **2018, CATIE** | All rights reserved. Revised in 2020

CATIE Canada's source for HIV and hepatitis C information

1-800-263-1638 • **www.catie.ca**

**/CATIEinfo**

CATIE Ordering Centre No: ATI-70188
*(Aussi disponible en français : ATI-70189)*

*Information in this brochure is not medical advice. Decisions about treatment should always be made with the advice of a doctor who knows about Hepatitis C. Treatment changes, so talk to a doctor to get the latest information.*

*Production of this publication has been funded in part by the Ontario Ministry of Health. The views expressed herein do not necessarily represent the views of our funders.*

# HEPATITIS C

## IMPORMASIYON TUNGKOL SA HEPATITIS C PARA SA MGA IMIGRANTE AT BAGONG DATING SA CANADA

CATIE

## ANG HEPATITIS C AY ISANG VIRUS NA PUMIPINSALA SA ATAY.

Ang Hepatitis C ay isang virus na pumipinsala sa atay. Ang atay ay isang organ o lamang loob na marami ang mahahalagang ginagampanan sa katawan gaya nang: tumutulong sa pagtunaw ng pagkain, nililinis ang lason o toxin at mga droga,tumutulong sa paglaban sa mga impeksiyon, at higit pa. Napakahalagang organ ang atay at hindi ka mabubuhay kung wala ito.

## MAAARING MAYROON KANG HEPATITIS C AT WALA KANG KAMALAY-MALAY.

Maraming tao na may hepatitis C ang nabubuhay ng dalawampu (20) hanggang sa higit pa sa tatlumpung (30) taon na walang nararamdamang sakit o sintomas kahit pinipinsala na ng virus ang kanilang atay. Sa paglipas ng panahon, lumalala ang pinsala sa atay at nahihirapan nang gumana ang napakahalagang organ na ito.

## GUMAGALING SA PAGGAMOT ANG HEPATITIS C.

Karamihan ng taong may hepatitis C ay nangangailangan nang treatment o paggamot para dito.
Ang mga treatment para sa hepatitis C ay simple o madaling inumin at nakakagaling sa 95% ng mga taong may virus. Ang mga ito ay makukuha bilang "pills", kaunti ang side-effects, at kailangan lang inumin ng walo (8) o labingdalawang (12) linggo. Karamihan ng tao ay hindi kailangang magbayad para sa kanilang hepatitis C treatment. Ang gastusin ay kadalasang sinasagot ng pampubliko o pampribadong health insurance at kumpanya ng gamot.

## ANG PAGGALING MULA RITO AY HINDI NAGDUDULOT NG PROTEKSYON LABAN SA PAGKAKAHAWANG MULI.

Hindi nakakakuha ng immunity o proteksyon laban sa hepatitis C matapos gumaling mula rito, kung kaya't maaari pa ring mahawa ulit. Kailangang gumawa ng mga hakbang upang maiwasan ang ma-expose muli sa virus na ito upang tuluyang mabuhay nang mabuti matapos gumaling mula sa hepatitis C.

## SA PAGPAPASURI LAMANG MALALAMAN KUNG IKAW AY MAYROONG HEPATITIS C.

Halos kalahati ng mga taong may hepatitis C ay walang malay na sila ay may impeksyon. Kausapin ang iyong service provider tungkol sa pagpapasuri.

**Dalawang** magkaibang pagsusuri sa dugo ang kailangan upang malaman kung ikaw ay may hepatitis C.

Sa pamamagitan ng **hepatitis C antibody test**, matutukoy kung ikaw ay na-expose o nagkakontak na sa virus. Sa pamamagitan ng **confirmatory test**, matutukoy kung ang virus ay kasalukuyang nasa katawan. Kapag ito ay positibo, mayroon kang hepatitis C. Habang lumilipas ang panahon, ang pagsusuri ay nagiging masmadali na.

## NAIPAPASA ANG HEPATITIS C SA PAMAMAGITAN NG PAGLALAPAT NG DUGO SA DUGO.

**Alamin kung paano protektahan ang iyong sarili at ang iba.**

**Alamin kung paano  malalaman ang iba't-ibang risk factors ng transmisyon ng hepatitis C.**

Ang Hepatitis C ay hindi naipapasa sa pamamagitan nang kaswal na pakikipagugnayan sa tao o sa pagyakap, paghalik o paghawak sa isang taong nabubuhay na may Hepatitis C virus. Hindi rin ito naipapasa kapag bago o istirilisado nang maayos ("properly sterilized") ang mga kagamitan para sa gawaing pang-medikal, pang-dental o pang-droga.

Naipapasa ang hepatitis C kapag ang dugo ng taong may virus ay humalo sa dugo ng isa pang tao. Maaaring makahawa maging ang kaunting dugo na hindi kayang makita dahil sobrang liit nito. Matibay ang Hepatitis C virus– kaya nitong mabuhay sa labas ng katawan nang maraming araw. Ang ibig sabihin nito ay maaaring maipasa ang virus mula sa tuyong dugo.

Ang hepatitis C ay kadalasang naipapasa sa pamamagitan nang:

- Pag-uulit ng mga kagamitang pang-medikal, pang-dental o pang-opera na hindi istirilisado nang maayos. Ito ay napakabihira sa Canada.
- Pagtanggap sa isinalin na dugo (blood transfusion) o organ transplant na hindi nasuri kung may impeksiyon ng hepatitis C. Kapag ikaw ay tumanggap ng dugo o organ transplant sa Canada bago 1992, o sa ibang bansa sa kahit anong taon, at hindi sigurado sa kanilang paraan ng screening, kausapin ang iyong healthcare provider tungkol sa pagpapasuri para sa hepatitis C.
- Pakikigamit ng mga kagamitan para sa paghahanda at pagtuturok ng droga katulad ng karayom, hiringilya (syringes), piltro, washes, tubig at pangluto.
- Pag-uulit ng mga kagamitan para sa electrolysis, acupuncture, pagbutas ng tenga o katawan at pagta-tattoo na hindi istirilisado nang maayos (katulad ng karayom, tinta, at lalagyan ng tinta).

**Iba pang paraan upang makapasok ang hepatitis C sa katawan:**

- Pakikigamit o panghihiram ng kagamitan para sa pangangalagang pampersonal na maaaring may dugo tulad ng pang-ahit, nailcutter at sipilyo. Kasama rin dito ang pagpapa-ahit sa barbero sa komunidad kapag ang pang-ahit ay paulit-ulit na ginagamit.
- Ilang mga nakasanayang gawain ng mga albularyo tulad ng paghiwa o pagbutas sa balat, gaya ng "wet cupping" o acupuncture.
- Bihira ang mahawa ng hepatitis C sa pamamagitan ng pagtatalik. Tumataas ang panganib na mahawa depende sa ibang kundisyon tulad ng HIV at STIs (sakit na nakukuha sa pakikipagtalik). Maaaring tumaas ang panganib na mahawa sa pamamagitan ng ibang pamamaraan ng pakikipagtalik katulad ng condomless na pagtatalik gamit ang puwit (anal sex), pagtatalik na may pagdurugo o chemsex (paggamit ng droga upang mapahusay o mapahaba ang pagtatalik)
- Maaaring maipasa ang hepatitis C mula sa ina patungo sa sanggol habang ipinagbubuntis at habang ipinapanganak niya ito. Sa Canada, mababa ang panganib na ito subalit sa labas ng Canada maaaring masmataas ang panganib, lalo na sa mga bansang naiiba ang pamamaraang pangkalusugan. Ang hepatitis C ay hindi naipapasa sa pamamagitan ng pagpapasuso o breastfeeding. Subalit kapag ang utong ay may sugat o pagdurugo, kailangang ihinto ang breastfeeding hanggang sa ito ay gumaling.

## ANG HEPATITIS C AY NAIIBA SA HEPATITIS A AT B.

Naipapasa ang Hepatitis A kapag lingid sa kaniyang kaalaman ay nakakain o naka-inom ang isang tao ng pagkain o tubig na kontaminado ng dumi ng taong may hepatitis A. Halos lahat ng taong nagka-impeksyon ng hepatitis A ay kusang gumagaling kahit walang paggamot at nagiging immune din ang katawan laban sa virus.

Ang Hepatitis B ay naipapasa kapag ang dugo, similya o "vaginal fluids" ng taong may virus ay pumasok sa katawan ng isang taong walang virus. Naipapasa rin ito sa sanggol habang ito ay ipinapanganak. Karamihan ng matatanda na nagkakaroon ng hepatitis B ay kusang gumagaling mula rito at nagiging immune ang kanilang katawan laban sa virus. Mas mataas ang pagkakataong magkaroon ng talamak na impeksyon (chronic infection) ng hepatitis B kapag mas bata ang edad ng taong na-expose sa virus. Ang mga nagkakaroon ng sakit na pangmatagalan ay maaaring magkaroon ng talamak na problema sa atay. Napapabagal at nakokontrol ng paggamot ang virus subalit hindi tuluyang napapagaling ang chronic na Hepatitis B. May bakuna na nagbibigay ng proteksyon laban sa hepatitis A at B. Makipag-usap sa iyong healthcare provider tungkol sa pag-papabakuna.

Walang bakuna para sa hepatitis C subalit mayroong lunas para dito.

## MAKIPAG-USAP TUNGKOL SA HEPATITIS C: SEXUAL HEALTH INFOLINE ONTARIO.

Sa Ontario, ang linyang pamprobinsyang ito ay nagbibigay impormasiyon tungkol sa hepatitis, HIV at kalusugang pangsekswal gamit ang mga salitang Hindi, Punjabi, Urdu, Tagalog, Mandarin, Kantones at iba pa. Kapag tumawag ka, maaari kang bigyan ng oras para makausap ang counselor sa salitang nais mo. Pwede ka ring payuhang pumunta sa isang klinika sa Ontario upang magpasuri.

**Tumawag ng Libre o Toll-Free sa Ontario:**

1-800-668-2437

Lunes hanggang Biyernes:
10:00 am –10:30 pm

Sabado at Linggo:
11:00 am– 3:00 pm

**Sa labas ng Ontario, makipag-ugnayan sa iyong tagapagbigay ng alagang pangkalusugan (healthcare provider).**

**Managing Editor:** Fozia Tanveer
**Pagsasalin:** Dyan De Guzman
**Disenyo:** Ty Best
**Layout:** David Vereschagin, Quadrat Communications
© **2018, CATIE** | Reserbado ang lahat ng karapatan.
Binago noong 2020

CATIE
Ang pinagmumulan ng impormasiyon tungkol sa HIV at Hepatitis C sa Canada

1-800-263-1638 • **www.catie.ca**

/CATIEinfo

CATIE Ordering Centre No: ATI-70188

*Ang mga impormasiyon sa brochure na ito ay hindi payong pang-medikal. Ang mga desisyon tungkol sa pagpapapagamot ay dapat gawin na may payo ng duktor na may kaalaman tungkol sa Hepatitis C. Nagbabago ang paggamot kung kaya't kausapin ang iyong duktor upang malaman ang pinaka bagong impormasiyon.*

*Ang produksyon ng publikasyong ito ay naging posible sa pamamagitan ng kontribusyong pinansiyal ng Ontario Ministry of Health. Ang mga pananaw na ipinahayag dito ay hindi nangangahulugang kumakatawan sa mga pananaw ng aming mga funder.*